

Declaration form para sa pag-apruba ng kadahilanan para sa ekstensyon ng panahon ng pagtanggap ng Childcare Leave Benefit

(必ず第2面の注意書きをよく読んでから記載してください。なお、申告内容に疑義がある場合、公共職業安定所長が事業主、被保険者、市区町村等に対し、必要な事項について照会し、報告を受けることがあります。)

(Mangyaring basahin nang mabuti ang ika-2 pahina bago punan ang papel na ito. Kung may kaduda-duda sa inyong i-uulat, ang pinuno ng Employment Stability Office ay makipag-uganayan sa may-ari ng kompanya, taong naka-insure o sa munisipyo, at maari din kaming makatanggap ng ulat mula sa kanila).

| | | | | |
|--|---|---------------------------------------|--------------|---------------------------------|
| 1 育児休業の対象となる子について、右の①②を記載してください。 Tungkol sa batang inaalagaan sa ilalim ng childcare leave, mangyaring sagutin ang ① at ②. | ① 子の氏名： Pangalan ng bata : | | | |
| | ② 子の生年月日： Kaarawan ng bata : | 年 taon | 月 buwan | 日 araw |
| 2 今回、延長を申請する期間について、右のア・イのうち、該当するものを選択してください。 Tungkol sa exention period, mangyaring pumili ng angkop na sagot mula sa (A) at (B). | ア 1歳(注)～1歳6か月の期間 (A) Panahon na nasa isang taon (※) hanggang isa't kalahating taong gulang ang bata イ 1歳6か月～2歳の期間 (B) Panahon na nasa isa't kalahating taon hanggang 2 taong gulang ang bata | | | |
| 3 保育所の利用(入所)申込みについて、以下①～⑧について選択又は記載してください。 Tungkol sa inyong aplikasyon para sa pagpasok sa nursery school ng bata, mangyaring sagutin ang katanungan ①～⑧ | | | | |
| ① 保育所等における保育の利用を希望し、市区町村に利用(入所)申込みをしましたか。 Nagnanais ba kayong ipasok ang bata sa nersery school at nag-apply ba kayo para dito? | | | | |
| A. はい / Oo | ② 利用(入所)申込みをした日： Petsa kung kailan nakapag-apply para sa pagpasok sa nursery school | 年 taon | 月 buwan | 日 araw |
| | ③ 利用(入所)開始希望日： Inaasahang araw kung kailang uumpisahang ipasok ang bata sa nursery school. | 年 taon | 月 buwan | 日 araw |
| | ④ 利用(入所)申込みに当たり、入所保留を積極的に希望する旨の意思表示をしていませんか。 Noong panahon ng aplikasyon, inihayag ba ninyo na gusto ninyo muna i-pending ang pagpapaalaga sa bata (o pagpasok ng bata) sa nursery school? | ア.していない A. Hindi | | イ.している B. Oo |
| | ⑤ 利用(入所)保留の有効期限： Huling araw na ipe-pending ang pagpapasok sa nursery school ng bata : | 年 taon | 月 buwan | 日 araw |
| | ⑥ 利用(入所)内定を辞退したことがありますか？ Sa nakaraan, may pagkakataon bang tinangihan ninyo ang admission para sa pagpasok sa nursery school? | ア 辞退したことはない A. Hindi ko tinangihan | | イ 辞退したことがある B. tinangihan ko |
| ⑦ 利用(入所)申し込みをした保育所等ので自宅から最も近い施設名と通所時間(片道) Sa mga nuesery school na inyong inaaplayan, alin ang pinakamalapit na school mula sa inyong tirahan at oras ng byahe hanggang sa nasabing school ? (Oras ng one way) | 施設名： Pangalan ng nursery school : | | | |
| | 通所方法： Paraan papuntang school : | | | |
| | 通所時間(片道)： Oras ng byahe hanggang sa school (one way) : | | 分 minutos | |
| ⑧ 通所時間が30分以上の場合、その理由を次から選択してください。 Kung 30 minutos o higit pa ang papunta sa paaralan, manyaring pumili ng dahilan mula sa ibaba. | | | | |
| A 申し込んだ保育所等が本人又は配偶者の通勤の途中で利用できる場所にあるため Ang nursery school ay madaanan papunta sa trabaho ng aplikante o asawa ng aplikante. | | | | |
| B 自宅から30分未満で通える保育所等が存在しないため Sa paligid ng aming tirahan, walang nursery school na napapaloob lang sa 30 minutos ang byahe. | | | | |
| C 自宅から30分未満で通える保育所等では職場復帰後の勤務時間・勤務日に対応できないため Ang nursery school na hindi umabot sa 30 minutos ang byahe mula sa aking tirahan ay hindi naman maaaring mag-alaga ng bata sa oras at araw kung kailang may pasok ako sa trabaho, pagkabalik ko mula sa childcare leave. | | | | |
| D 子に特別の配慮が必要であり、自宅から30分未満で通える保育所等では対応できないため Kinakailangan ang espesyal na konsiderasyon para sa bata. Dahil dito, hindi maaaring mag-alaga sa kaniya sa nursery school na nasa loob ng 30 minutos ang byahe mula sa aking tirahan. | | | | |
| E その他 Iba pa | | | | |
| ①及び⑧について、いいえ、その他を選択した場合は、2面の注意書き(IV,XI)に従い理由欄に記載してください。 Kung ang inyong sagot sa ①at⑧ ay "Hindi" o "Iba pa", mangyaring isulat sa loob ng kahon ng "Dahilan" alinsunod sa "paalala (IV, XI)" na nakasaad sa ikalawang pahina. | | | | |
| ②、③、及び⑥について、第2面の注意書き(V,VI,IX)に従い必要場合は理由欄に記載してください。 Para sa ②,③ at⑥ naman ay kung may bagay na kailangan isulat, pakisulat lamang sa loob ng kahon ng "Dahilan" alingsunod sa paalala na nakasaad sa ika-2 pahina (V , VI, IX) . | | | | |
| (理由欄) (Dahilan) | | | | |

(注) パパ・ママ育休プラス利用時は、「1歳に達する日後の育児休業終了日の翌日」または「1歳2か月に達する日の翌日」のいずれか早い日。

(※) Kung kayo ay gumagamit ng Papa Mama Ikukyu Plus, ang inyong isusulat ay ang araw mas maaga sa susunod na dalawa; "Ang sumusunod na araw pagkatapos ng inyong chindcare leave pero dapat ay pagkatapos rin ito ng unang taong kaarawan ng bata" o "Ang sumunod na araw kung kailang magiging 1 taon at 2 buwan ang bata".

育児休業給付金の支給対象期間の延長事由について、上記のとおり申告します。育児休業給付金の支給対象期間の延長事由について、上記のとおり申告します。

Ako po ay nag-uulat katulad ng mga nakasaad sa itaas para sa pag-apruba ng mga kadahilanan para sa ekstensyon ng panahon ng pagtanggap ng benepisyo.

公共職業安定所長 殿
Para sa pinuno ng Public Employment Office

年 月 日
taon buwan araw

被保険者 現住所
Taong naka-insure
Tirahan sa kasalukyan

氏名
Pangalan

Paalala

I Kung nais ninyong mag-apply para sa “ekstensyong ng panahon ng pagtanggap ng childcare leave benefit” sa dahilan na hindi pa nagumpisang alagaan ang bata sa nursery school, mangyaring punan ang papel na ito (ang mismong aplikante ang dapaat sumagot) at isumite ito sa aming tanggapan sa pamamagitan ng may-ari ng inyong kompanya.

II Ang lahat ng idedeklara sa papel na ito ay pawang katotohanan. Kung hindi idedeklara ang mga dapat ideklara o walang katotohanan ang inyong idedeklara, ay maaaring mahinto ang inyong pagtanggap ng nasabing benepisyo. Karagdagan pa dito, maaaring ipag-utos na i-balik ang lahat ng benepisyo na natanggap na, at kailangan pang magbayad ng tiyak na halaga.

III Ang mga nasasakop sa ekstensyon ng panahon ng pagtanggap ng childcare leave benefit sa dahilang hindi pa naumpisahang alagaan ang bata sa nursery school, ay ang mga taong hindi pa nakakabalik sa pagtatrabaho dahil sa hindi maiwasang dahilan tulad ng hindi pa maaaring taggapin sa nursery school ang bata kahit nakapag-apply na.

Upang masuri kung nasasakop sa layunin ng sistema ang inyong aplikasyon, mangyaring isumite ang sumusunod na dokumento kasama ang application form.

Ang mga dokumeneto na kailangan i-sumite sa panahon ng aplikasyon:

- i Declaration form para sa pag-apruba ng kadahilanan para sa ekstensyong ng panahon ng pagtanggap ng childcare leave benefit (papel na ito)
- ii Kopya ng application form na naisumite na sa munisipyo noong panahong nag-apply sa pagpasok sa nursery school. (Kung kayo ay nag-apply sa pamamagitan ng website, kopya ng aplikasyon o screenshot ng aplikasyon.)
- iii Kopya ng dokumentong nai-issue ng munisipyo na nagpapatunay na hindi pa maaaring maaalagaan ang bata sa nursery school pansamantalang. Depende sa munisipyo, magkakaiba ang tawag sa dokumentong ito; Nyushohoryu Tsuuchisho (Notice of pending enrollment), Nyushofushoudaku Tsuuchisho (Notice of disapproval of enrollment).

IV Tugkol sa 3-①, kung ang sagot ninyo ay “Hindi”, hindi matutugunan ang inyong kondisyon para sa ekstensyon.

Subalit maaaring ma-aprubahan ang ekstensyon kung tinanggihan ang inyong aplikasyon dahil kinakailangan ang espesyal na konsiderasyon para sa bata, sanhi ng kaniyang sakit o kapansanan, at hindi pa handa ang paaralan para sa pag-aalaga sa kanya. Kung ganoon, mangyaring isulat sa loob ng kahon ng “Dahilan” kung ano ang espesyal na konsiderasyon na kinakailangan ng bata at ang nilalaman na napag-usapan ninyo ng taga-munisipyo. At isumite ang sumusunod na application form.

【 Mga dokumentong dapat isumite 】

- i Declaration form para sa pag-apruba ng kadahilanan para sa ekstensyong ng panahon ng pagtanggap ng childcare leave benefit (papel na ito)
- ii Dokumentong nagpapatunay na kailangan ng espesyal na konsiderasyon para sa bata, gaya ng kopya ng medical certificate ng doktor o disability certificate.

V Tungkol sa 3-②, hindi matutugunag ang inyong kondisyon para sa ekstensyon kung ang araw ng aplikasyon para sa pagpasok sa nursery school ay unang taong kaarawan ng bata (o isa’t kalahating taong kaarawan) o lagpas pa dito(※2).

Subalit kung limitado ang panahon para sa aplikasyon sa pagpasok sa nursery school, gaya ng makalipas pa ng unang taong kaarawan ng bata ang pagtanggap ng aplikasyon ng munisipyo, maaaring ma-aprubahan ang ekstensyon(※1). Kung ganoon, mangyaring isulat ang mga detalye o kung ano ang napag-usapan ninyo ng taga-munisipio sa loob ng kahon ng “Dahilan”.

(※1) Kung nakalimutan lang ang aplikasyon o hindi nakapag-apply nang walang nangyaring konsultasyon sa munisipyo, hindi natutugunan ang inyong kondisyon para sa ekstensyon.

(※2) Kung kayo ay gumagamit ng Papa Mama Ikukyu Pdlus, ang inyong isusulat ay ang araw mas maaga sa susunod na dalawa; "Ang sumusunod na araw pagkatapos ng inyong chindcare leave pero dapat ay pagkatapos rin ito ng unang taong kaarawan ng bata" o "Ang sumunod na araw kung kailang magiging 1 taon at 2 buwan ang bata" .

VI Tungkol sa 3-③, bilang patakaran, hindi matutugunan ang inyong kondisyon para sa ekstensyon, kung ang unang araw ng inaasahang pagpasok sa nursery school ay susunod na araw ng unang taong kaarawan ng bata(※2) (o isa’t kalahating taong kaarawan) o lagpas pa.

Subalit maaaring apurubahan ang ekstensyon kung may panahon na hindi tinanggap ng munisipyo ang aplikasyon at nakapag-apply lang kayo sa araw kung kailan ito maaari (※1). Kung sa ganoon, mangyaring isulat ang detalye sa kahon na “Dahilan” at i-sumite rin ang mga sumusunod na dokumento kasama na rin ang mga dokumento na nakasulat sa III i ~ iii.

【 Ang mga dokumentong dapat i-sumite 】

iv Dokumento na nagpapatunay na hindi tumatanggap ang munisipyo ng aplikasyon para sa pagpasok sa nursery school, tulad ng leaflet o website na nagsaad tungkol doon.

VII Tungkol sa 3-④, noong panahon ng inyong aplikasyon para sa pagpasok sa nursery school, kung isinaaad ninyo na wala pa kayong balak bumalik sa trabaho o wala nang balak ipapasok ang bata sa nursery school gaya ng “hindi pa nagnanais ipasok ang bata sa nursery”/“hindi pa babalik sa trabaho kahit matatapos ng childcare leave”/“Inaasahan magpa-ekstend ang childcare leave”/“Inaasahan ang pending para sa pagpasok sa paaralan.”, ang dapat ninyong maging sagaot ay“Oo”.

VIII Tungkol sa 3-⑤, pakisulat ang parehong petsa na nakasulat sa “Notice of pending enrollment (Nyusho Horyu Tsuuchisho)” o “Notice of disapproval of enrollment (Nyusho Fushodaku Tsuuchisho)”. Kung hindi nakasulat ang petsa sa dokumento, hindi na kailangan isulat ang nasabing petsa.

IX Tungkol sa 3-⑥, Kung tinanggihan ninyo noon ang napagpasiyahang admission ng munisipyo para sa batang nakasulat sa “1”, hindi matutugunan ang inyong kondisyon para sa ekstensyon bilang patakaran.

Subalit maaaring aprubahan ang ekstensyon kung may sapat na dahilan kung bakit hindi na maaaring ipasok ang bata sa nasabing paaralan, tulad ng paglipat sa ibang lugar. Kung sa ganoon, mangyaring isulat ang detalye sa loob ng kahon ng “Dahilan”. Pakisulat rin ang detalye gaya ng lumang address bago kayo lumipat, lugar ng pinagtatrabahuhan bago at pagkatapos ng paglipat, petsa kung kailang nangyari ang nasabing dahilan at ang mga detalye nito.

X Tungkol sa 3-⑦, pakisulat ang inaasahan paraan ng pagpunta sa paaralan (paglalakad, bisikleta, kotse, bus) at bilang ng oras hanggang sa paaralan mula sa inyong tirahan gamit ang nasabing paraan. Kung gagamitin ang pick-up and drop-off service, pakisulat ang bilang ng oras hanggang sa lugar kung saan susunodun at ihahatid ang bata.

XI Tungkol sa 3—⑧, kung ang lahat ng mga nursery school na inyong inaaplayan ay 30 minutos o higit pa ang biyahe mula sa inyong tirahan, at walang sapat na dahilan para dito, hindi matutugunan ang inyong kondisyon para sa ekstensyon bilang patakaran.

Depende sa inyong sagot, kinakailangan isumite ang sumusunod na dokumento kasama ang application form.

- Kung ang A~C ang inyong sagot : Dokumentong III i ~ iii lamang.
- Kung D ang inyong sagot : Dokumentong maaaring magpatunay na kailangan ng espesyal na konsiderasyon ng bata tulad ng kopya ng medical certificate ng doktor o disability certificate
- Kung E ang inyong sagot: Pakisulat muna ang detalye sa loob ng kahon ng “Dahilan” at isumite ang dokumento na puwedeng magpatunay tugkol sa nasabing dahilan.